MAGKAKASAMA, PARA SA IYO.

# ALAMIN ANG MGA KATOTO-HANAN

## Pinapanatili kang may kaalaman tungkol sa mga pagbabago sa public charge

**GABAY SA PUBLIC CHARGE**
**Ano ang Ibig Sabihin Nito sa Iyo at sa Iyong Pamilya**

SETYEMBRE 2026

CalHHS Medi-Cal CalFresh

**Mahalaga: Nagbibigay ang gabay na ito ng pangkalahatang impormasyon, hindi legal na payo. Maaaring nalalapat ang mga panuntunan sa public charge sa iba't ibang paraan batay sa iyong kaso sa imigrasyon. Para sa payo tungkol sa iyong kaso, makipag-usap sa isang lisensyadong abogado sa imigrasyon.**

# ALAMIN KUNG ANO ANG MAHALAGA

## Nagbago ba ang mga pederal na panuntunan sa public charge?

Maaaring nakakalito o nakaka-stress ang public charge. Ipinapaliwanag ng gabay na ito ang mga pangunahing kaalaman sa simpleng wika. Sinasabi nito sa iyo **kung ano ang nagbago, kung ano ang hindi nagbago, sino ang maaaring maapektuhan, at kung saan makakakuha ng mapagkakatiwalaang tulong**.

## Ano ang public charge?

Ang public charge ay isang pagtatasang ginagamit sa ilang kaso sa imigrasyon. Itinatanong nito kung malamang ba na umasa ang isang tao sa mga benepisyo sa gobyerno na batay sa pagsusuri ng kita upang matugunan ang kanyang pangangailangan. Maaaring nalalapat ito kapag ang ilang imigrante ay naghahangad na makapasok sa Estados Unidos o nag-a-apply para sa green card. Hindi ito nalalapat sa lahat ng imigrante.

## Ano ang nagbago?

Isang bagong pederal na panuntunan sa public charge ang nagkabisa noong **Setyembre 18, 2026**.

**Pinahihintulutan ng bagong panuntunan ang mga pederal na opisyal ng imigrasyon na isaalang-alang ang mga benepisyo sa gobyerno na hindi isinaalang-alang sa ilalim ng dating tuntunin.**

Dapat tingnan ng mga opisyal ng imigrasyon ang buong sitwasyon ng bawat tao. Dapat nilang isaalang-alang kahit man lang ang:

- Edad.
- Kalusugan.
- Sitwasyon ng pamilya.
- Kita, pera, at iba pang mapagkukunan.
- Edukasyon at mga kasanayan sa trabaho.
- Kakayahang magtrabaho.
- Paggamit ng mga benepisyo sa gobyerno na batay sa pagsusuri ng kita.

Maaari din nilang tingnan ang iba pang katotohanan tungkol sa tao at sa kaso.





# BATAY SA MGA KATOTOHANAN

## Nalalapat lang ang public charge sa ilang kaso

Maaaring nalalapat ang public charge kapag ang isang tao ay naghahangad na makapasok sa Estados Unidos o nag-a-apply ng green card batay sa pamilya o trabaho. Para sa mga taong nasa Estados Unidos na, isinasaalang-alang ito sa panahon ng aplikasyon para sa pagsasaayos ng katayuan.

Hindi ito nalalapat sa mga aplikasyon para sa green card batay sa:

- Katayuan na asylum o refugee , U visa o T visa, sariling petisyon sa ilalim ng Violence Against Women Act, o Special Immigrant Juvenile Status.
- Mga aplikasyon para sa pagkamamamayan ng U.S., DACA, Katayuan na Pansamantalang Protektado, o awtorisasyon para magtrabaho.

**Makipag-usap sa isang abogado sa imigrasyon tungkol sa iyong kaso.**

# PANATILIHIN ANG MAHALAGA

## Ang public charge at mga benepisyo sa gobyerno ay hindi magkapareho

**Hindi nakasalalay sa panuntunan sa public charge kung sino ang makakatanggap ng Medi-Cal, CalFresh, o iba pang benepisyo sa gobyerno. Isa itong panuntunan sa imigrasyon, hindi panuntunan sa pagiging karapat-dapat sa mga benepisyo.**

Kung kuwalipikado ka para sa mga benepisyo, maaari ka pa ring mag-apply at gamitin ang mga ito. Pero maaaring makaapekto ang public charge sa iyong kaso sa imigrasyon. Ang paggamit ng benepisyo sa gobyerno ay hindi awtomatikong nagpapasya kung ano ang mangyayari sa isang kaso sa imigrasyon. Sinusuri ng mga pederal na opisyal ng imigrasyon ang paggamit ng benepisyo kasama ng iba pang katotohanan tungkol sa kaso sa imigrasyon.

Magtanong sa isang lisensyadong abogado sa imigrasyon bago baguhin ang mga benepisyo.



## Aling mga benepisyo ang isasaalang-alang?

Kung maipapatupad ang public charge, susuriin ng mga opisyal ng imigrasyon mga benepisyo sa gobyerno na batay sa pagsusuri ng kita na natanggap simula o pagkatapos ng Setyembre 18, 2026. Limitado ang mga benepisyong ito sa mga taong nakakatugon sa mga limitasyon ng kita o mapagkukunan. **Kabilang sa mga halimbawa ang, pero hindi limitado sa:**

**Medi-Cal:** Programa sa coverage sa kalusugan ng Medicaid ng California.

**CalFresh:** Programa sa tulong sa pagkain na SNAP ng California.

**Covered California:** Pagtanggap ng tulong-pinansyal, na kilala rin bilang "Mga Kredito sa Buwis para sa Maagang Pagbabayad ng Premium".

**Maaari ring isaalang-alang ang iba pang benepisyo batay sa kita o pangangailangan.**

Sinusuri ng mga opisyal ng imigrasyon ang paggamit ng benepisyo kasama ng iba pang katotohanan. Ang epekto ay nakadepende sa bawat kaso. **Makipag-usap sa isang lisensyadong abogado sa imigrasyon bago gumawa ng pagbabago.**

## Ano naman ang mga benepisyong ginagamit ng pamilya ko?

Hindi itinuturing na mga benepisyong natanggap mo ang mga benepisyong ginamit ng iyong mga anak o kapamilya. Pero maaaring isaalang-alang ng mga opisyal ang mga ito kapag sinusuri ang pera at suporta ng iyong pamilya.

Magtanong sa isang lisensyadong abogado sa imigrasyon bago baguhin ang mga benepisyo ng kapamilya.

## Tandaan

Ang mga pagbabago sa Medi-Cal, CalFresh, o iba pang panuntunan sa benepisyo ay hiwalay sa public charge. Ang public charge ay tungkol sa proseso ng imigrasyon, hindi ito tungkol sa kung sino ang makakatanggap ng mga benepisyo sa gobyerno.

**Bago mo ihinto ang isang benepisyo, tanggihan ang tulong, o gumawa ng pagbabago na makakaapekto sa iyong pamilya, alamin ang mga katotohanan tungkol sa iyong kaso.**

# BAGO KA GUMAWA NG PAGPAPASYA

### Alamin ang mga katotohanan mula sa tamang mapagkukunan

Kung nag-aalala ka tungkol sa public charge, **huwag gumawa ng mga desisyon na batay lang sa haka-haka o pangkalahatang impormasyon**.

Bago mo ihinto ang pangangalagang pangkalusugan, tulong na pagkain, o iba pang suportang kailangan ng iyong pamilya, alamin muna kung nalalapat sa iyo ang public charge.

| | |
|---|---|
| **Para sa mga tanong tungkol sa imigrasyon** | Makipag-usap sa isang lisensyadong abogado sa imigrasyon o maghanap ng kuwalipikadong provider ng mga legal na serbisyo sa imigrasyon sa pamamagitan ng California Department of Social Services: **https://www.cdss.ca.gov/inforesources/immigration/contractor-contact-information**. |
| **Para sa mga tanong tungkol sa pagiging karapat-dapat o pag-renew ng Medi-Cal, CalFresh, o iba pang benepisyo** | Makipag-ugnayan sa:<br>• Ahensya ng mga serbisyong panlipunan ng iyong county sa: **https://www.cdss.ca.gov/county-offices**.<br>• BenefitsCal sa: **https://benefitscal.com/**.<br>• Isang mapagkakatiwalaang pangkomunidad na organisasyon. Maaaring ito ay legal na tulong, pangkomunidad na sentrong pangkalusugan, iyong lokal na ahensya ng WIC, organisasyong nagseserbisyo sa imigrante, o food bank.<br>• Para sa mga tanong tungkol sa coverage ng Covered California o tulong pinansyal, makipag-ugnayan sa Covered California o sa isang sertipikadong katuwang sa pagpapatala. |
| **Para sa pederal na impormasyon tungkol sa public charge** | Kumuha ng pinakabagong pederal na impormasyon tungkol sa public charge mula sa U.S. Citizenship and Immigration Services: **https://www.uscis.gov/policy-manual/volume-8-part-g**. |

# MAGKAKASAMA PARA SA IYO

### Bago isuko ang anumang bagay na mahalaga, alamin muna ang mga katotohanan.

**Mahalaga ang iyong kalusugan. Mahalaga ang pagkain sa hapag-kainan ng iyong pamilya. Mahalaga ang iyong pamilya.**

Dapat tingnan ng mga pederal na opisyal ang buong sitwasyon ng bawat tao upang matukoy ang public charge.

**Alamin ang mga katotohanan tungkol sa iyong kaso bago ka umaksyon.**